Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 17, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... Kagawad |
| *Kagalang-galang Ramon D. Tan* | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... Kagawad |
| *Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat* | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| *Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes* | . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAUTUSAN BLG. 19 -T2009

## KAUTUSANG IBINABALIK SA TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN ANG POSISYONG ADMINISTRATIVE AIDE III (DRIVER I) GALING SA TANGGAPAN NG PANGALAWANG PUNONG BAYAN.

**SAPAGKA'T**, ang posisyong Administrative Aide III (Driver I) ay napalipat sa Tanggapan ng Pangalawang Punong Bayan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 011-T2008/ Kautusan Blg. 02-T2008;

**SAPAGKA'T**, may panukalang ibinabalik ang nasabing posisyon at ang pondo nito sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan dahilan sa nakapaloob ito sa Plantilla of Organization of Personnel ng *nabanggit na tanggapan;*

**SAPAGKA'T**, ang posisyong Administrative Aide III (Driver I) ay isang permanenteng posisyon na lubhang kailangan ng nasabing tanggapan;

**SAPAGKA'T**, ang kaayusan at kapakanan ng tanggapan ay higit na binibigyan ng pagpapahalaga at pagkilala ayon sa panuntunan sa pagpapatupad ng mga posisyon ng tanggapan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Romulo A. Elca (Tagapamuno ng Lupon sa Mabuting Pamamahala), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** *Pagtibayin ang sumusunod na:*

**SEKSYON 1** – Ibalik sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan ang posisyong Administrative Aide III (Driver I) at ang pondo nito galing sa Tanggapan ng Pangalawang Punong Bayan, sa ikaaayos ng pagtatalaga ng posisyon sa tanggapan.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kgg. Punong Bayan, Tanggapan ng Serbisyo Sibil at Pambayang Pinunong Pantauhan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

*Jeanette P. Alfonso*
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

karugtong ng Kautusan Blg. 19-T2009



LOUIE C. DE LEON
Kagawad

RAMON D. TAN
Kagawad

JUN M. ASINAS
Kagawad

ROMULO A. ELCA
Kagawad

LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

OSCAR F. FELICIANO
Kagawad

ISAGANI R. MALAPAYA
Kagawad

JOHN CARLOS C. DELOS REYES
Kagawad

NAGPATOTOO: *alan T. Pamatmat*

**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 501-1008 / 808-2788

## OFFICE OF THE MAYOR

OFFICE OF THE SANG. BAYAN
Received
9-14-09
Date/Time

**1st Endorsement**
September 11, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. JEANETTE P. ALFONSO**, *Secretary,* the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 157 - T' 2009**, duly approved by the undersigned.

Attached further is the humble suggestion of the undersigned relative to the above approved resolution.

For information and appropriate action.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor